タガログ語版

# PARA SA LAHAT NG MGA MAG-AARAL

Marso 23, 2020.

Gobernador ng Mie Prefecture: G.Suzuki Eikei

Pinuno ng Lupon ng Edukasyon ng Mie Prefectural: Bb.Hirota Keiko

Dahil sa kumakalat na nakahahawang sakit (infectious disease), na kailan man ay hindi pa naranasan ng lahat, bilang isang tugon na mapangalagaan at maprotektahan ang buhay at kalusugan ng bawa't isa, nagpahayag ngayon ng isang emergency na pansamantalang pagsasara ng mga paaralan. Sa panahong ito, hinihiling namin sa iyo ang pasensiya, tulad ng hindi magagawang matugunan ang pakikipagkita sa mga kaibigan, hindi magagawang makipaglaro sa mga kaibigan pagkatapos ng mga pahinga o pagkatapos ng paaralan, o hindi makapagsagawa ng club activities, at hindi makapasok sa mga klase ng guro.

Alam namin na sa mahabang oras na pamamalagi na nag-iisa sa loob ng bahay ay bigla kang makararamdam ng pagkalungkot at pagkabalisa, pati na rin sa pagka-antala ng iyong pag-aaral at kawalan ng ehersisyo.

Kung sakali na mayroong pinag-aalala o alalahanin, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa aming paaralan. Maaari rin na kumonsulta ang magulang tungkol sa inyong anak. Ang mga guro ay patuloy din ang pakikipag-ugnayan upang magsasagawa ng mga kinakailangang hakbang na suporta upang matiyak ang kapanatagan ng inyong kalooban. Maging ang mga lokal na mamamayan ay bukas ang palad na handang tumulong at mangalaga para sa inyo.

Alam namin na inaasam mo ang isang bagong baitang o isang bagong paaralan. Ang mga magulang, lokal na mamamayan, guro ng paaralan, at iba pang mga taong nasa paligid mo ay gagawa ng lahat ng posible upang matulungan kang maabot ang iyong mga pangarap sa hinaharap.

## 〇Para sa mga Magulang

Mangyari na pangalagaan ng mabuti ang mga bata ng walang kapalit.

Mangasiwa sa pisikal na kondisyon, tulad ng pangangalaga sa kalinisan sa pamamagitan ng paghuhugas ng kamay at pagsukat ng temperature ng kanilang katawan.

Paalalahanan ang mga bata na sabihin na: lahat tayo ay ligtas, dahil tayo ay protektado.

Kung sa tingin mo ay hindi ka komportable, maging sa mga magulang na may pinag-aalala ay huwag mag-atubiling sumangguni sa aming paaralan.

## 〇Para sa mga lokal na mamamayan

Mangyari na magmatyag sa mga bata.

Kung sakali na may pinag-aalala at napansin na kakaiba sa bata, huwag mag-atubiling magtanong.

Mangyari na makipagtulungan upang ma-protektahan ang mga bata sa buong rehiyon.

## 〇Para sa Guro/Kawani

Laging matiagan ang kalagayan ng kalusugan at pamumuhay sa paaralan ng bawat mag-aaral. Ipagpatuloy ang pag-suporta sa pag-aaral at gabayan sa pagpapayo. Pagkakaroon ng pagkakaisa na pakinggan ang mga hinaing o nais na isangguni ng bata at mga magulang.

Huwag akuin na mag-isa. Bukod sa iyong mga kasamahan, humingi ng tulong sa mga Tagapamahala ng paaralan, gamitin ang mga propesyunal na mapagkukuhanan ng tagapayo sa paaralan, (“school counselors” at school workers) sa paaralan bilang isang "team school”.

Bukod pa rito, mangyaring makipagtulungan sa mga local na mamamayan at mga club ng mga bata pagkatapos ng paaralan, upang suportahan ang mga bata sa buong komunidad.